County of Fairfax, Virginia

**Title VI Impormasyon at Mga Tagubilin para sa Mga Pagpaparatang ng Diskriminasyon**

Ipinagbabawal ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964 ang diskriminasyon laban sa isang indibidwal o grupo, sinasadya o hindi sinasadya, batay sa lahi, kulay, at pinagmulang bansa sa anumang programa o aktibidad na nakakatanggap ng tulong mula sa pederal, kabilang ang mga operasyon at aktibidad ng transit ng Fairfax Connector at Department of Transportation ng Fairfax County.

Ang sinumang naniniwala na nabiktima siya ng diskriminasyon na batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa ng Fairfax Connector o Department of Transportation ng Fairfax County ay maaaring maghain ng reklamong naayon sa Title VI sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsusumite ng form ng reklamo ng "Fairfax Connector" na available sa website ng Office of Human Rights and Equity Programs (OHREP) ng Fairfax County sa sumusunod na URL:

http://www.fairfaxcounty.gov/ohrep/epd/

Makakakuha rin ng form ng reklamo sa pamamagitan ng pagliham sa Office of Human Rights and Equity Programs, Equity Programs Division, 12000 Government Center Parkway, Fairfax, Virginia 22035 o sa pamamagitan ng pagtawag sa 703-324-2953, TTY 711, Fax: 703-324-3570.

Sinisiyasat ng Fairfax County ang mga reklamong natanggap sa loob ng hindi hihigit sa 180 araw pagkatapos ng pinaghihinalaang insidente. Maaari lang iproseso ng Fairfax County ang mga reklamo na nagbibigay ng sapat na impormasyon upang simulan ang isang pagsisiyasat.

Sa loob ng 48 oras ng pagtanggap ng reklamo, makikipag-ugnayan ang kawani ng Office of Human Rights and Equity Programs ng Fairfax County sa nagrereklamo at kukunin ang lahat ng naaangkop na impormasyon hinggil sa pinaghihinalaang (mga) diskriminasyon ng isang indibidwal sa pamamagitan ng isang form sa paglikom ng impormasyon (intake form). Kailangang makipagtulungan ng nagrereklamo sa proseso ng paglikom ng impormasyon. Sa loob ng 48 oras ng pagkumpleto ng isang form sa paglikom ng impormasyon, gagamitin ng kawani ng OHREP ang impormasyon sa form upang matukoy kung maaari o hindi maaaring magtaguyod ang nagrereklamo ng prima facie, o isang malinaw na kaso ng posibleng diskriminasyon.

Kung mapag-alaman ng OHREP na mayroong prima facie na kaso ng diskriminasyon, sisimulan ang isang pagsisiyasat. Maaaring kabilang sa mga pagsisiyasat ang, ngunit hindi dapat limitado sa, mga pagbisita sa site, panayam ng mga saksi at pagkolekta ng mga dokumento. Ang (mga) naakusahang partido sa (mga) paratang ng diskriminasyon ay kakapanayamin at bibigyan ng pagkakataon na tumugon sa mga paratang at magbigay ng may-kaugnayang impormasyon para sa pagsisiyasat. Bukod pa riyan, kakapanayamin ang mga saksi tulad ng kinakailangan. Pagkatapos simulan ang isang pagsisiyasat, ang lahat ng makukuhang impormasyon ay kumpidensyal. Sa loob ng pitong araw ng trabaho ng pagsisimula ng isang pagsisiyasat, dapat makumpleto ang lahat ng dokumento para sa pagsisiyasat sa kaso. Kung kinakailangan ng karagdagang panahon upang ihanda ang hinihiling na dokumento, ang kawaning responsable sa pagsisiyasat ay hihiling ng palugit mula sa pamunuan ng OHREP.

Pagkatapos makumpleto ng pagsisiyasat, gagawin ang isang ulat, at magsusumite ang kawani ng OHREP ng panghuling rekumendasyon sa Executive Director ng OHREP. Susuriin ng Executive Director ng OHREP ang file ng pagsisiyasat at gagawa ng panghuling pagpapasya. Ipapaalam ng OHREP sa nagrereklamo kung napatunayan ang mga paratang ng diskriminasyon. Pagkakumpleto ng pagsisiyasat at pag-aabiso ng mga partido sa reklamo, isasara ang kaso. Ang lahat ng dokumento, kabilang ang mga audio tape (kung naaangkop), ay itatago sa file ng reklamo.

Kung matukoy ng OHREP na walang nangyaring prima facie na kaso ng diskriminasyon, walang sisimulang pagsisiyasat. Gayunpaman, ang mga natuklasan ng OHREP hinggil sa usapin ay idodokumento sa isang ulat. Ang mga natuklasan ng OHREP ay nakapailalim sa saklaw ng Equity Programs Division at walang karapatan sa pag-apela.

Kung mapag-alaman ang posibleng dahilan o matukoy ang maling asal ng isang empleyado, sasabihan ng OHREP ang FCDOT na konsultahin ang Department of Human Resources ng Fairfax County hinggil sa pandisiplinang aksyon. Kung sa gitna ng pagsisiyasat, may dahilan ang tagapagsiyasat upang paniwalaan na may nangyaring krimen o paglabag sa batas, makikipag-ugnayan ang OHREP sa Police Department ng Fairfax County para sa naaangkop na pagkilos.

Maaaring direktang magsampa ng reklamo sa Federal Transit Administration sa pamamagitan ng pagsampa ng reklamo sa Office of Civil Rights, Attention: Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor-TCR, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590.

# County of Fairfax, Virginia

## Form ng Reklamo para sa Mga Pagpaparatang ng Diskriminasyon

Ang Fairfax County ay may dalawang paraan sa pagrereklamo para sa maagap na paglutas ng mga reklamo ng mga indibidwal na nagpaparatang ng diskriminasyon na ipinagbabawal ng batas o patakaran ng Pederal, Estado at lokal sa pagkakaloob ng mga serbisyo, aktibidad, programa, o benepisyo. Ang form ng reklamong ito ay gagamitin sa paghahain ng mga reklamo ng diskriminasyon na batay sa edad, kasarian, sekswal na pang-aabuso, lahi, relihiyon, pananampalataya, pinagmulang bansa, katayuan sa pag-aasawa, kulay, kaugnayan sa pulitika o katayuan ng beterano.

Kailangang gamitin ng isang indibidwal na nagnanais na maghain ng reklamong batay sa kapansanan ang form ng reklamo na tinutukoy sa Government Complaint Procedure ng Fairfax County sa ilalim ng Americans with Disabilities Act. Maaari kang kumuha ng kopya ng form ng reklamo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kawani sa Office of Human Rights and Equity Programs.

Upang makipag-ugnayan sa Office of Human Rights and Equity Programs ng Fairfax County tumawag sa 703-324-2953, TTY 711 sa anumang araw ng trabaho ng Fairfax County sa pagitan ng mga oras ng 8:00 a.m. at 4:30 p.m., o mag-email sa EPDEmailComplaints@FairfaxCounty.gov.

**MGA TAGUBILIN**: Dapat ihain ang mga reklamo sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 60 araw ng trabaho (180 araw sa kalendaryo para sa mga reklamong may kaugnayan sa transit) mula sa araw na nangyari ang pinaghihinalaang aktuwal na diskriminasyon. Ang terminong “araw ng trabaho” ay dapat mangahulugan ng anumang Lunes hanggang Biyernes na hindi holiday sa county. Magaganap ang isang pagsisiyasat kasunod ng paghahain ng reklamo.

Ang form na ito ay dapat gamitin kaugnay ng Patakaran at Pamamaraan ng Fairfax County para sa Mga Indibidwal na Nagpaparatang ng Diskriminasyon sa Mga Programa at Serbisyo ng County.

**Taong Naghahain ng Reklamo**

**Pangalan:**

**E-mail:**

**Num. ng Telepono:**

**Bahay:**

**Trabaho:**

**Mobile:**

**Pinakamainam na oras upang tumawag:**

**Address:**

**Kalye:**

**Lungsod:** **Estado:** **Zip Code:**

**Tao at Departamento na Pinararatangang Nandiskrimina:**

**Pangalan:** **Departamento:**

**Kalye:**

**Lungsod:** **Estado:** **Zip Code:**

**Telepono:**

**(Mga) Dahilan ng Diskriminasyon (lagyan ng check ang lahat ng aangkop):**

| | | |
|---|---|---|
| ☐ **Lahi** ________________________ | **Katayuan ng Beterano** | **Kaugnayan sa Pulitika** |
| ☐ **Kulay** _____________ __________ | **Paghihiganti** | **Edad – Petsa ng Kapanganakan:** __________ |
| ☐ **Pinagmulang Bansa** __________ | **Kasarian** | **Iba pa:** __ _________________________ |
| ☐ **Relihiyon** ___________________ | **Sekswal na Pang-aabuso** | **Iba pa:** ___________________ |
| **Pananampalataya** ______________ | ☐ **Katayuan sa Pag-aasawa** | **Iba pa:** ___________________ |

**(Mga) Petsa nang Nangyari ang Diskriminasyon:** _________________________________________

**Buod ng Reklamo: (maglakip ng karagdagang mga pahina kung kinakailangan)**

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

**Hiniling na Pagkilos:**

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

**Kinukumpirma ko na nabasa ko ang reklamong nasasaad sa itaas at na ito ay totoo sa abot ng aking nalalaman, impormasyon o paniniwala.**

_________________________________________ _____/_____/_____

**Lagda ng Nagrereklamo** **Petsa**

**Ang form na ito ay gagawing available sa isang alternatibong format kapag hiniling. Idirekta ang iyong kahilingan sa Equity Programs Division ng Office of Human Rights and Equity Programs, 12000 Government Center Parkway, Suite 318, Fairfax, VA 22035; 703-324-2953, TTY 711 or 703-324-3305 (Fax).**